

Sekai wa Hitotsu

Inilathala ng Gifu International Center (GIC)

International Exchange at Multicultural Magazine
GIFU INTERNATIONAL CENTER

Hulyo 2023 No.156

© 岐阜県 清流の国ぎふ・ミナモト # 0195



Pagpapakilala
ng mga Gifu
Coordinator para
sa International
Relations

Gifu Prefectural International
Relations Coordinator
(mula sa São Paulo, Brazil)

Gustavo Sorato

"Akoy nagagalak na makilala kayong lahat." Tawagin nyo akong Tabo.

Ang bayan kung saan ako lumaki ay isang maliit na bayan sa estado ng Sao Paulo na tinatawag na "Santa Fe do Sul," kung saan maraming Japanese Brazilian.

Marahil dahil lumaki ako sa isang kapaligiran kung saan nagkaroon ako ng maraming pagkakataon na makipag-ugnayan sa kultura ng Hapon, naging interesado ako sa Japan mula sa murang edad. Noong panahong iyon, mas gusto ko ang Japanese food, manga, at ninja.

Nagtapos ako ng kolehiyo major Japanese at Japanese Literature sa São Paulo State University, at gumugol ng isang taon sa Tokyo. Sa oras na iyon, sobrang saya ko na nakarating ako sa Japan, at naramdaman kong natupad na ang isa sa mga pangarap ko. Ito ang unang pagkakataon na tumira sa isang malaking lungsod tulad ng Tokyo, at ito ay naging isang mahalagang alaala na pananatilihin ko sa habambuhay.

Gusto kong mag-aral ng higit pa tungkol sa kasaysayan ng Gifu. Ito ay kagiliw-giliw dahil ito ay nauugnay sa panahon ng Sengoku. Gayundin, gusto kong bumuo ng ugnayan sa komunidad sa Gifu Prefecture, tulad ng ginawa ko noong nag-aaral pa ako sa Tokyo. Inaasahan kong aking kinabukasan sa Gifu at para tangkilikin ang higit pa sa mga lugar na iniaalok ng Gifu. Umaasa ako na balang araw ang oras na ginugol ko dito ay mas mapabuti ang relasyon sa pagitan ng Brazil at Japan.

Maraming salamat po.



Ano ang naisip mo kapag narinig mo ang salitang "Easter"?

Ipinagdiriwang mo ba ang Easter? Maraming bansa sa buong mundo ang nagdiriwang ng Easter, ngunit hindi ito gaanong kilala sa Japan. Ipaliwanag ko sa maikli ang pinagmulan ng Easter. Noong nakaraan, ipinagdiriwang ng Lithuania at England ang muling pagsilang ng kalikasan bilang Easter. Gayunpaman, pagkatapos lumaganap ang Kristiyanismo, ito ang naging pinakamahalagang pagdiriwang ng Kristiyanismo. Ngayon, ang Easter ay ang araw na ipinagdiriwang natin ang muling pagkabuhay ni Hesukristo. Ang pinakamalaking denominasyon sa Lithuania ay ang Simbahang Katoliko, at sa Inglatera naman ay ang Simbahan ng Inglatera. Sa nakalipas na mga taon, ang impluwensya ng Kristiyanismo sa Lithuania, United Kingdom at sa buong Europa ay bumababa, ngunit ang easter ay tradisyonal pa ring ipinagdiriwang kahit sa mga hindi Kristiyano.

Ang petsa ng Easter ay nagbabago bawat taon. Ito ay ang Linggo kasunod ng unang kabilugan ng buwan pagkatapos ng vernal equinox. Ang Easter ay sa Linggo, ngunit ang Biyernes bago ang Easter ay mahalaga din. Ang dahilan ay si Hesus ay ipinako sa krus noong Biyernes at muling nabuhay noong Linggo. Sa taong ito ang Easter ay pumatak sa ika-9 ng Abril sa Lithuania at England.

Ano ang naisip mo kapag narinig mo ang salitang "Easter"? Ang pinakasagisag ay ang Easter egg. Ang pagdiriwang na may Easter egg ay konektado sa Kuwaresma. Ang Kuwaresma ay ang panahon mula 40 araw hanggang sa araw bago ang Easter. Samantala, sa panahon na ito hinihigpitan ang diyeta, tulad ng hindi pagkain ng karne, mga produkto na gawa sa gatas, at mga itlog. Samakatuwid, naging kaugalian na kumain ng pancake sa araw bago ang Kuwaresma upang maubos ang gatas at itlog. Sa England mayroong isang araw na tinatawag na Pancake Day. Ang Lithuania ay mayroon ding pagdiriwang ng pagkain ng pancake upang ipagdiriwang ang pagtatapos ng taglamig (bago ang Kuwaresma).



Mga Easter egg na tinina ng sabaw ng balat ng sibuyas.

Ngayon, sa England, ang mga itlog ng Easter ay mga itlog ng tsokolate. Maraming kaganapan ang kinagigiliwan ng mga bata, tulad ng palitan ng chocolate egg at treasure hunt. Sa Lithuania, kaugalian na gumamit ng mga hilaw na itlog upang gumawa ng mga itlog ng Easter. Maglagay ng dahon sa hilaw na itlog at pakuluan ito sa mainit na tubig na may balat ng sibuyas.

Pagkatapos, ang bahagi kung saan ang mga dahon ay idinidikit ay hindi kukulayan at nakakagawa ito ng pattern. Ang isa pang paraan ay ang pagguhit ng isang pattern sa isang pinakuluang itlog na may beeswax at ilagay ito sa solusyon ng pangulay.

Bakit hindi mo ito subukan gawin?

Pagpapakilala sa magagandang tanawin sa Gifu Prefecture

Sa pagluwag ng mga paghihigpit dahil sa novel coronavirus, maraming dayuhan ang bumibisita sa Japan. Maraming magagandang tanawin sa Gifu Prefecture na sikat sa mga dayuhang turista, kaya ipapakilala namin sila.

Shirakawago



Shirakawago

Matatagpuan ang Shirakawa-go sa rehiyon ng Hida sa hilagang Gifu Prefecture. Noong 1995, ang Shirakawa-go ay nakarehistro bilang isang UNESCO World Heritage Site (cultural heritage) dahil sa mga tanawing nilikha ng nayon ng gassho-zukuri.

Ang "Gassho-zukuri" ay isang natatanging pamamaraan ng arkitektura ng Hapon kung saan ang mga kahoy na beam ay pinagsama gaya ng hugis bundok. Mayroong iba't ibang teorya, ngunit sinasabing tinawag itong "Gassho-zukuri" dahil mukhang itong mga palad na pinagsama.

Ang Shirakawa-go ay isa sa mga lugar na may pinakamabigat na snowfall sa Japan, at ito ay isang paraan ng pagtatayo na inimbento ng mga tao noong nakaraan upang maiwasan ang pagguho ng mga bahay sa ilalim ng bigat ng snow.

Masisiyahan ka sa mga tanawin ng bawat panahon, at may mga gassho-zukuri na bahay kung saan maaari kang aktwal na manatili.

【公式】白川郷観光協会 (shirakawa-go.gr.jp)

Gujo Hachiman



Gujo Odori

Ang Gujo City, na matatagpuan sa gitnang Gifu Prefecture, ay may castle town na nakasentro sa Gujo Hachiman Castle, na tinatawag na "Castle in the Sky sa Gifu", at masisiyahan ka sa makasaysayang lumang townscape.

Kilala ang Gujo Hachiman hindi lamang sa townscape nito, kundi pati na rin sa mayamang kalikasan nito, malinis ang tubig sa lugar na ito. Ang mga irigasyon ay inilalagay sa lungsod upang masuportahan ang pamumuhay ng mga tao.

Ang Gujo Hachiman ay pinakatanyag sa "Gujo Odori", na sinasabing may kasaysayan ng mahigit 400 taon, at isa sa "Tatlong Mahusay na Bon Odori" sa Japan. Ito rin ang pinakamahabang Bon Odori sa Japan, na ginaganap gabi-gabi nang humigit-kumulang 30 araw sa tag-araw, at humigit-kumulang 300,000 katao ang bumibisita sa bawat tag-araw. Noong nakaraang taon, ito ay nakarehistro bilang isang UNESCO Intangible Cultural Heritage.

Sa nakalipas na ilang taon, dahil sa impluwensya ng new coronavirus, hindi posible na maisagawa ito nang normal, ngunit sa taong ito, ang gaganapin ito na gaya ng dating tradisyon, na kung saan gaganapin tulad sa orihinal na kaganapan bago ang pagdating ng corona, kaya't makisali. Ano sa palagay mo?

郡上八幡の観光ガイド決定版! 2023 [TABITABI 郡上] (tabitabigujo.com) / 2023 年郡上おどり日程 (gujohachiman.com)

Magome-juku



Magome

Ang "Magome-juku" sa Nakatsugawa City ay nakakaakit ng pansin kamakailan bilang isang tourist spot. Sa panahon ng Edo, ang Magome-juku ay umunlad bilang isang post town sa Nakasendo Road, na nag-uugnay sa Edo (kasalukuyang Tokyo) at sa Kyoto.

Sa mga slope na may bato, may mga tindahan kung saan makakain ka ng bagong lutong senbei (rice crackers), oyaki (rice crackers), at ang lokal na gohei mochi (rice cakes), para masiyahan ka sa paglalakad at pagkain. Gayundin, mula sa obserbatoryo sa dulo ng post town, makikita mo ang dakilang kalikasan kabilang ang Mt. Ena.

Isang sikat na hiking course ang paglalakad papuntang Tsumago-juku sa Nagiso-machi, Nagano Prefecture, mga 7.3 km ang layo mula sa Magome-juku. Masaya sigurong maglakad sa 2 oras na ruta na para bang ikaw ay isang tao mula sa panahon ng Edo!

馬籠宿 | 中津川観光協会公式 Web サイト (nakatsugawa.town) / 馬籠を知る | 馬籠観光協会 (kiso-magome.com)



全国健康保険協会 岐阜支部
協会けんぽ

Ang impormasyon sa health insurance
ay matatagpuan sa homepage ng
Japan Health Insurance Association.



Bilang karagdagan sa Japanese
at English, maaari kang pumili
mula sa 5 mga wika!

岐阜支部 マスコットキャラクター

Ligtas na tamasahin ang magagandang ilog ng Gifu

Ang paglangoy sa mga ilog at dagat ay isa sa mga kasiyahan sa tag-araw. Ang Gifu Prefecture ay may malalaki at malinis na ilog tulad ng Nagara River.

Ito ay sikat para sa mga BBQ at kamping sa mga lugar sa tabing-ilog. Gayunpaman, upang tamasahin ito nang ligtas, kailangang malaman ang ilang mga pag-iingat.

1. Mag-ingat sa mga aksidente sa tubig! |

Ang paglangoy sa ilog sa tag-araw ay maaaring humantong sa mga aksidente sa tubig.

- Siguraduhing suriin ang lalim at daloy ng tubig bago pumasok sa ilog.
- Magsuot ng life jacket.
- Suriin ang weather forecast at kanselahin kung mukhang uulan.



(Maaari rin makita ang mga impormasyon sa pag-iwas sa sakuna para sa mga ilog sa Gifu Prefecture, impormasyon sa antas ng tubig ng ilog, atbp. sa wikang Japanese, English, Tagalog, Portuguese, at Chinese.)

Nagara River at Itadori River sa Gifu Prefecture, isang lugar kung saan maraming aksidente sa tubig ang nangyayari

◆ Malapit sa Mino Bridge (Mino City), malapit sa upstream ng Ayunose Bridge (Seki City), at sa kabila ng Itadori River (Seki City at Mino City). Mag-ingat sa paglalaro sa lugar na ito.

2. Mag-ingat sa heat stroke! Ang tag-araw ay ang panahon kung kailan malamang na magkaroon ka ng heatstroke.

- Tiyaking mag-hydration palagi.
- Iwasan magbababad sa araw sa mga oras na napakainit.
- Kung lumitaw ang mga sintomas ng heat stroke, lumipat sa isang malamig na lugar at lagyan muli ng tubig at asin.
- Kung nawalan ng malay, tumawag kaagad ng ambulansya.

(Kapag gusto mong tumawag ng ambulansya)

1. Tumawag sa 119.
 2. Sabihin kung "sunog" o "emergency". Kapag may sakit ay emergency.
 3. Sabihin mo ang address kung saan ka pupuntahan. Kung hindi mo alam ang address, sabihin mo ang kalapit na gusali atbp.
 4. Ibigay ang iyong pangalan at numero ng telepono.
- *Kung may nakakapagsalita ng Japanese sa malapit, hilingin sa kanila na tumulong!

Pangunahing sintomas ng Kalubhaanng heatstroke	Kalubhaan
• Pagkahilo • Nanghihina • Pananakit ng kalamnan • Paninigas ng kalamnan • Maraming pagpapawis	Hindi gaanong matindi
• Sakit ng ulo • hirap sa paghinga • Pagduduwal • Pagsusuka • Pagkapagod • Pagkaramdam ng panghihina	Katamtaman
• Pagkagambala ng kamalayan • Mga kombulsyon • Karamdaman sa paggalaw ng mga paa at kamay • Mataas na temperatura ng katawan	Malala

3. Maging environment friendly

Maraming hayop ang nakatira sa mga ilog. Ito ay isang mahalagang lugar upang protektahan ang natural na kapaligiran.

- Dalhin ang iyong basura pauwi. Huwag kalimutang magdala ng garbage bag.

Sundin ang mga asal at tuntunin, at tamasahin ang kapaligiran nang may pagsasaalang-alang sa kapaligiran. Sama-sama nating protektahan ang "Gifu, the Land of Clear Streams".

Mahalagang paunawa para sa mga technical intern trainees

Sa Japan, ipinagbabawal na ang pagtanggap sa trabaho dahil sa pagbubuntis. Ito din ay naaangkop sa mga dayuhang teknikal na intern trainees. Kung gusto mo, maaari mong pahabain ang iyong panahon ng pananatili at ipagpatuloy ang iyong teknikal na internship pagkatapos manganak.

Maaari kang magpahinga sa trabaho anim na linggo bago ang inaasahang petsa ng iyong panganganak. Kung hindi ka tumatanggap ng suweldo habang wala ka sa trabaho, maaari kang makatanggap ng maternity allowance (mga 60% ng iyong normal na sahod) mula sa iyong health insurance.

Kahit na pansamantala kang bumalik sa iyong sariling bansa para sa bakasyon sa pangangalaga ng bata, maaari mong ipagpatuloy ang iyong pagsasanay sa teknikal intern. Ang pagpapatuloy ng pagsasanay sa teknikal intern ay nangangailangan ng mga pamamaraan sa Organization for Technical Intern Training (OTIT), atbp.

Napakahalaga ng bagong buhay. Kung nalaman mong buntis ka, huwag kang mag-alala mag-isa, kumunsulta muna sa iyong kumpanya, mga kaugnay na organisasyon, administrative offices, atbp.

Organisasyon para sa Technical Intern Training (para sa mga technical intern trainees lamang) Consultation desk sa bawat wika

Supportadong Wika	Petsa at oras	Phone number (libre ang pagtawag)	URL ng native language consultation site
Filipino	Tue, Thu 11:00~19:00 Sat 9:00~17:00	0120-250-197	https://www.support.otit.go.jp/soudan/phi/

Maghanda para sa mga emergency

Ang mga email ng emergency na maagang babala ay ipapadala mula sa pambansang pamahalaan sa mga mobile phone, atbp. para sa impormasyon tungkol sa mga sitwasyon kung saan walang oras upang tumugon, tulad ng impormasyon ng ballistic missile, mga maagang babala sa lindol, at mga pangunahing babala sa tsunami. Bilang karagdagan, ang isang espesyal na tunog ng sirena at mensahe ay i-patunog sa municipal disaster prevention administrative radio. Ang sistemang ito ay tinatawag na nationwide instantaneous warning system (J-alert).

Kung makatanggap ka ng mensahe na maaaring bumagsak ang ballistic missile sa Japan, manatiling kalmado at kumilos kaagad.

Mga dapat gawin kapag nahulog ang isang ballistic missile

- Lumikas sa kalapit na gusali o sa underground.

(Tandaan) Ang isang matibay na gusali ay mas mabuti hanggat maaari. Kung walang malapit, kahit anong gusali ay lumikas pa din.



- Magtago sa lihim, o humiga sa lupa at protektahan ang iyong ulo.



- Lumayo sa mga bintana o lumipat sa isang silid na walang bintana.



Panayam: G. Eloise Miyasaka (Brazil) na nagpapatuloy sa kanyang mga gawaing pagkakawanggawa

Q Ano ang naging inspirasyon mo para magsimulang gumawa ng charity work?

Nagsimula ang aktibidad na ito noong 2007 nang gumawa at namahagi kami ng sopas sa mga taong nangangailangan sa Paraná, Londrina, Brazil. Sa Japan, noong 2015, nag-donate siya ng sarili niyang buhok at nag-ahit para gawing wig para sa mga batang sumasailalim sa paggamot sa cancer. Bilang pakikiramay sa aktibidad na ito, 70 Brazilian na naninirahan sa Japan ang nag-donate ng kanilang buhok tulad ng ginawa ko. Ang nakolektang buhok ay naibigay sa isang organisasyon sa Osaka.

Pagkatapos noon, nalaman ko na mayroong 10 orphanage sa Gifu prefecture. Upang makapag-donate sa isang pasilidad sa Gifu City, nagbenta ako ng Brazilian coxinhas (Brazilian-style croquettes) at naibigay ko ang lahat ng nalikom.

Sa kasalukuyan, naisasagawa ko ang aktibidad na ito sa tulong nina Ms. Seito Andressa, Ms. Takigawa Fernanda, at Ms. Pachekoria.

Q Anong mga reaksiyon ang natanggap mo mula sa mga nabigyan ng donasyon?

Noong 2021, nang mag-donate kami sa isang orphanage sa Gifu City, nakatanggap kami ng mga liham ng pasasalamat mula sa 60 bata. Sa Respect for the Aged Day, nangongolekta at nag-donate kami ng mga supply sa mga pasilidad para sa mga matatanda. Gumagawa kami ng mga donasyon para sa mga matatandang gumagamit sa pasilidad ng Tajimi at Minokamo, at kapag kami ay inanyayahan sa isang kaganapan isang beses sa isang taon, kami ay nagkakantahan at gumagawa ng mga aktibidad sa libangan kasama ang mga matatanda. Bilang tanda ng kanilang pasasalamat, nakatanggap kami ng origami, panyo, at hair band mula sa kanila.

● Para sa mga gustong sumuporta sa mga aktibidad ni Eloise at nais magbigay ng donasyon ●

Ang mga suplay ay kinokolekta dalawang beses sa isang taon, sa Respect for the Aged Day (Setyembre 18 ngayong taon) at isang buwan bago ang Pasko. Maliban diyan, walang lugar para mag-imbak ng mga donasyong bagay. Mangyaring tawagan kami sa panahon na iyon. Sasabihin namin sa inyo kung paano magbigay ng donasyon.

Phone number 080-1174-4202



↑ kasama ang mga kaibigan sa aktibidad



↑ Napakaraming suplay ang nakolekta



↑ Ginupit ni Eloise ang kanyang buhok para mag-donate

Binuksan ng korporasyong pang-edukasyon na HIRO Gakuen ang "Settlement Learning Center for Foreign Residents (CLLR)"

- Nagtapos ako sa isang Japanese school, ngunit gusto kong pang mag-aral ng Japanese at magpatuloy sa mas mataas na edukasyon.
- Gusto kong mag-aral sa Japanese university o vocational school. · Gusto kong magtrabaho bilang full-time na empleyado sa Japan.
- Gusto kong pagbutihin ang aking kasanayan sa Hapon at magpalit ng trabaho.

Nagsimula na ang isang klase na susuporta sa karera at edukasyon sa wikang Hapon para sa mga taong gustong mag-aral ng Japanese dahil gusto nilang manirahan sa Japan mula ngayon.

● Para sa mga gustong magpatuloy sa mas mataas na edukasyon, susuportahan namin ang pag-aaral ng wikang Hapon at mga pagsusulit para sa entrance test sa unibersidad at vocational school.

● Para sa mga nagnanais na makahanap ng trabaho, ipakikilala namin sila sa isang lugar ng trabaho at magbibigay ng suporta para sa isang taon pagkatapos makahanap ng trabaho upang makapagtrabaho sila nang may layunin. Idinisenyo ang timetable para matuto ka ng Japanese habang nagtatrabaho.

(Ang programang ito ay itinalaga ng Gifu Prefecture bilang isang modelong proyekto para sa pagbuo ng pinagsama-samang sistema mula sa edukasyon sa wikang Hapon hanggang sa trabaho at suporta sa paninirahan.)

Lugar: 2-90-2 Jomen, Ogaki City, Gifu Prefecture (sa loob ng HIRO Gakuen)

1 taong kurso (hanggang Marso 2024)

Japanese course para sa trabaho

Kundisyon: Japanese Language Proficiency Test N4 o mas mataas
4 na beses sa isang linggong kurso:

Miyerkules, Huwebes, Biyernes, Sabado 9:20-12:40

Bayad sa pagtuturo: 18,000 yen/buwan

Nilalaman: Maipahayag ang iyong mga saloobin at damdamin
Upang Matutunan ang Japanese na kailangan para sa trabaho at karagdagang edukasyon.

Kundisyon: Marunong magbasa ng hiragana at katakana
Isang beses sa isang linggo: Sabado 13:30-14:30

Bayad sa pagtuturo: 3,000 yen

Nilalaman: Kapaki-pakinabang na Japanese para sa trabaho

Makipag-ugnayan sa: HIRO Gakuen Educational Foundation

TEL : 0584-82-6045 (9:00 ~ 17:00)

* Magagamit ang Japanese at Portuguese

Ang CLLR ay kumakatawan sa Center of Learning para sa Long Term Residence



Inilathala ng

Gifu International Center (GIC)

Gifu Chunichi Bldg., 2F,
1-12 Yanagase Dori, Gifu City, 500-8875

☎ 058-214-7700 FAX 058-263-8067

E-mail gic@gic.or.jp URL <https://www.gic.or.jp>

Araw at Oras na Bukas: Linggo hanggang Biyernes, 9:30~18:00

Araw na Sarado: Sabado Piyesta Opisyal at katapusan ng Taon

Wika: English, Chinese, Portuguese, Tagalog at Vietnamese

Petsa ng Isyu

2023 Hulyo 1

(3 beses sa 1 taon ang isyu Hulyo, Nobyembre at Pebrero)

